



Police Custody Officer – Polyeto ng impormasyon

NANININDIGAN ANG VICTORIA POLICE SA PAGKAKAIBA-IBA O DIBERSIDAD SA PWERSA NG KAPULISAN AT SA NGAYON AY NAGREREKLUTA NG MGA OPISYAL SA KUSTODIYA NG PULISYA (POLICE CUSTODY OFFICERS).

Ang tungkulin ng Police Custody Officer (PCO) ay isang nakakapukaw, mapanghamon at mapagpalang karera kung saan gagampanan mo ang mahalagang tungkulin sa pangangasiwa at kapakanan ng mga taong nasa kustodiya.

Ang papel ng PCO ay bagay sa mga taong nais magkaroon ng karerang matatag at kayang gampanan ang papalit-palit na oras sa trabaho (shiftwork). Aktibo ang tungkuling ito at ang magtatagumpay na mga aplikante ay mangangailangang panatilihin ang kanilang lakas at liksi. Dahil ang mga PCO ay kadalasang magtatrabaho para sa mga taong nasa kustodiya, kailangang magulang ang kanilang isipan (mature), madaling umangkop at malakas ang mga kakayahan sa komunikasyon at pakikipagkapwa.

Kailangan ding sumunod ng mga PCO sa mga patakaran at proseso sa kustodiya ng pulisya at may mahusay na kakayahan sa kompyuter. Kailangan din nilang ipakita na sila ay may mabuting karakter at reputasyon at kaya nilang isantabi ng personal nilang mga paniniwala upang hindi maging mapanghusga.

Ang Victoria Police ay nagtataguyod ng kapaligiran kung saan ang mga taong mature, madaling umangkop at patas mag-isip ay magtatagumpay. Bilang empleyado ng Victoria Police, magkakakuha ka ng mahuhusay na benepisyo kabilang na ang alawans sa shift at bayádnang pagliban sa panganganak at pagliban ng tatay ng kapapanganak.





Ano ang mga gagampanang tungkulin?

- Gampanan lahat ng mga tungkuling may kinalaman sa pangangasiwa ng mga taong nasa kustodiya ng Victoria Police.
- Siguruhin ang kalusugan, kagalingan, kaligtasan, at pangangasiwa sa mga taong nasa kustodiya, kawani at kanilang mga bisita.
- Ayusin ang pangangasiwa, pagbiyahe, pagpunta sa ibang lugar (offsite) o mga kawing (link) ng bidyo para sa mga taong nasa kustodiya.
- Gampanan lahat ng gawaing pangangasiwa sa kustodiya sang-ayon sa umiiral na batas, mga patakaran at proseso, kasama ang paghahanda ng kinagawiang pakikipagsulatan (routine correspondence), mga rehistro ng pagpasok sa trabaho, pagbubuo ng mga ulat at iba pang mga gawaing pangangasiwa.
- Kumuha ng bakas ng daliri (fingerprinting), pangangasiwa sa DNA, pagkuha ng litrato, pagsusuri ng ebidensiya, pagbibigay ng ebidensiya sa korte kung kinakailangan.

Saang mga lugar nakatalaga ang mga posisyon?

1. Ballarat
2. Dandenong
3. Heidelberg
4. Geelong
5. Sunshine
6. Broadmeadows
7. Frankston
8. Mildura
9. Ringwood
10. Moorabbin
11. Wodonga
12. Bendigo
13. Swan Hill
14. Mill Park
15. Warrnambool
16. Morwell
17. Shepparton
18. Wangaratta
19. Bairnsdale
20. Horsham
21. Sale
22. Melbourne West (CBD)

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin lamang ang www.policecareer.vic.gov.au/pco



VICTORIA POLICE



Kwalipikado ba akong mag-aplay?

Para maging kwalipikadong magtrabaho bilang isang PCO sa Victoria Police, kailangan mong tugunan ang mga sumusunod na mga rekisitos ng aplikante:

- Mahigit 18 taong gulang
- Isang Mamamayang Australyano o permanenteng residente
- Mayroong lubos o pansamantalang Lisensiya sa Pagmamaneho sa Australya
- Body Mass Index (BMI) na 30 o mas mababa
- Walang kasalukuyang mga warrant, o mga kautusang magbayad o mga planong pagbabayad (payment plans) na may kinalaman sa trapiko o mga paglabag sa parking

Ano ang proseso ng pag-aplay?

Bilang aplikante, obligahin kang sumailalim sa sumusunod na mga yugto bago mahirang para magtrabaho sa Victoria Police:

- Hakbang 1:** Magsumite ng aplikasyon sa online sa pamamagitan ng www.policecareer.vic.gov.au/pco
- Hakbang 2:** Sumailalim sa preliminaryong mga pagtsek sa background
- Hakbang 3:** Makibahagi ng araw ng pagtatasa
- Hakbang 4:** Sumailalim sa mga sikolohikal na pagsusuri
- Hakbang 5:** Sumailalim sa sikolohikal na iskrining
- Hakbang 6:** Sumailalim sa medikong pagtatasa
- Hakbang 7:** Sumailalim sa komprehensibong mga pagtsek sa background
- Hakbang 8:** Sumailalim sa pagsusuri sa angkop na pangangatawan (fitness)
- Hakbang 9:** Sumailalim sa isang interbyu ng panel
- Hakbang 10:** Tumanggap ng alok namagtrabaho

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin lamang ang www.policecareer.vic.gov.au/pco





Anong pagsasanay ang matatanggap ko?

Ang mga PCO ay inoobligang kompletuhin ang kurso na walong-linggong pagsasanay na gaganapin sa Police Academy sa Glen Waverly, Melbourne at sa kanilang itinakdanghimpilan ng pulis. Habang nagsasanay, tuturuan ka ng pangangasiwa ng kustodiya at pangangasiwa sa kagalingan ng bilanggo.

Ang pagsasanay sa Akademya ng Victoria Police ay puspusan at disiplinado. Ito rin ay mapanghamon sa katawan, akademya at kaisipan.

Ano pa ang mahalagang impormasyon na dapat kong isaalang-alang bago mag-aplay?

- Ang mga aplikante ay sasailalim sa isang yugto ng pagsubok (probation period) na tatlong buwan makaraang makumpleto ang kanilang pagsasanay.
- Ang mga PCO ay oobligahing sumailalim at panatilihin ang mataas na antas ng angkop na pangangatawan. Sa kabuuan ng empleyo, ang mga PCO ay maaaring obligahin na sumailalim sa pagsusuri ng pangangatawan kada dalawang taon.
- Ang mga aplikante ay sasailalim sa regular na pagsusuri sa droga at alkohol.
- Ang nanunungkulan ay oobligahing kompletuhin ang mga rekisitos sa organisasyon ng OHS, na maaaring kasama ang lokal na antas ng pagsasanay na may kinalaman sa paggamit ng kagamitan at Nakapipinsalang mga Kemiko (Hazardous Chemicals).
- Hindi mo kailangang magkaroon ng kaalaman sa batas dahil ituturo sa iyo ang kailangan mong malaman habang nagsasanay ka.
- Walang tersiyaryong kuwalipikasyong kakailanganin para matanggap sa tungkuling ito; gayunpaman, kailangan mong maging 18 taong gulang o higit pa sa panahon ng pag-aaplay.
- Ang mga PCO ay ihananay sa araw, hapon, at gabing shift. Tatagal ang shift nang 8.06 na oras at kasama ang kalahating oras na pahingapara kumain. Ang mga oras ng simula at pagtatapos ay maaaring mag-iba depende sa lokasyon.
- Ang mga PCO ay magbibitbit ng baton, posas at OC isprey.

Higit pang impormasyon?

Para sa higit pang impormasyon bisitahin ang: <http://www.policecareer.vic.gov.au/pco>
Omag-email ng tanong mo sa: pcoemployment@police.vic.gov.au

